# KWENTO NG MGA BATANG MAG-ASAWA

AYESSA BIANCA MAE C. CANDELARIA

Di-grawadong Tesina na ipinasa sa Kaguruan ng
Departamento ng Sikolohiya, Kolehiyo ng Sining at Agham
Lungsod Agham ng Munoz, Nueva Ecija
Bilang Katuparan ng mga
Pangangailangan para
Sa Kursong

BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA

HUNYO 2017

Ang di-gradwadong tesina na may pamagat na **KWENTO NG MGA BATANG MAG-ASAWA** inihanda at ipinasa ni **AYESSA BIANCA MAE C. CANDELARIA** bilang pagtupad sa mga pangangailangan sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA** ay tinanggap at sinang-ayunan.

**NIXON V. AGASER**
Tagapayo
06-09-17
Petsa

**JAN VINCENT P. ABELLA**
Tagasuri
06-09-17
Petsa

Tinanggap at sinang-ayunan bilang pagtupad sa mga pangangailangan para sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA.**

**NIXON V. AGASER**
Tagapangulo
06-09-17
Petsa

**Anna Ma. Lourdes Latonio, Ph.D**
Tagapamahal ng Pananaliksik
06-09-17
Petsa

**Myrna R. Umagat, Ph.D**
Dekano
06-09-17
Petsa

# ANG MAY AKDA

## PERSONAL NA DATOS

| | |
|---|---|
| Pangalan | Ayessa Bianca Mae Calonge Candelaria |
| Kapanganakan | Enero 10, 1996 |
| Tirahan | Cabanatuan city, Nueva Ecija |
| Relihiyon | Katoliko |
| Pangalan ng Ama | Oscar M. Candelaria |
| Pangalan ng Ina | Angelita C. Candelaria |

## MGA PAARALANG PINASUKAN

| | |
|---|---|
| **Elementarya** | Holy Cross College<br>Sta. Rosa, Nueva Ecija |
| **Sekondarya** | Honorato C. Perez Sr. Memorial<br>Science High School<br>Cabanatuan City, Nueva Ecija |
| **Tersera** | Batsilyer ng Sining<br>Sa Sikolohiya<br>Pampamahalaang Unibersidad<br>Ng Gitnang Luzon, Lungsod Agham<br>ng Munoz, Nueva Ecija |

## MGA NILAHUKAN

**Peer Facilitator Group**

Central Luzon State University

2015-2016

**Psychological Resources Center (On-the-job training)**

Quezon City

June 20, 2016 – July, 2016

**Psychological Association of the Philippines – Junior Affiliates**

2016 – present

**29th Psychological Association of the Philippines – Junior Affiliate (Annual Convention)**

Theme: "Asian Psychology and Asian Societies Psychology in the Midst of Change"

SMX Convention Center, MOA, Pasay City

January 22 – 23, 2016

# PASASALAMAT

Hindi ko maisasakatupan ang pag-aaral na ito kung hindi dahil sa mga taong hindi nag-sawang gumabay at tumulong sa akin. Hindi ko lamang ito tagumpay bilang mananaliksik kundi pati na rin ang mga taong tumulong at nakasama ko sa pagbuo ng pag-aaral na ito. Hindi sapat sa iilang pirasong papel na ito ang aking pasasalamat sa lahat ng inyong sakripisyo, gabay at tulong hindi lamang sa pagbuo ng papel na ito ngunit pati na rin sa buhay ko. Kayo ang nagsilbing lakas, motibasyon at inspirasyon ko, kung kaya't nais ko ipabatid sa inyo ang aking walang hanggang pasasalamat.

Una sa lahat, ang taos-puso kong pasasalamat sa ating **Panginoong Diyos**. Kung hindi siguro dahil sa Kanya, hindi ko matatapos ang pag aaral na ito. Siya ang nagsilbing aking gabay at tagapag-bigay ng talino at hindi maubos-ubos na lakas ng loob upang ipagpatuloy ang pag-aaral na ito. Sobrang dami kong dapat ipagpa-salamat sa Panginoon kung kaya't habang buhay ko ito ipagpapa-salamat sa Kanya.

Sa aking pamilya, **Daddy, Mommy at Kuyas**, na lubos ang aking pasasalamat sa walang hanggang pagmamahal, pagpapatawad, paggabay at pag-suporta sa akin. Hindi niyo ako binigo lalo noong mga panahong higit na kinailangan ko kayo. Nanatili kayo sa aking tabi at mas lalong ibinigay ang paggabay na aking higit kinakailangan. Kayo at ang paghihirap niyo ang nagsilbing inspirasyon ko upang matapos ang pag-aaral na ito. Walang sawa ninyo ibinigay ang aking pangangailangan kung kaya't nais ko kayong pasalamatan sa pamamagitan ng pinaka-magandang regalo na maibibigay ko sa inyo, ang diploma.

Sa aking tagapayo, **Sir Nixon**, maraming salamat po sa mga tulong na inyong ibinigay lalo na sa pagsasa-ayos ng tesinang ito. Sa pagtitiyagang basahin ang aking papel at magbigay ng

mga magagandang suhestyon upang mas maisa-ayos ko ang aking papel. Isa po kayo sa mga taong may malaking tulong sa akin upang maisakatuparan ang tesinang ito. Gayundin sa aking tagasuri, **Sir Javin at si Sir Wawie** na hindi nagsawang sumuri at pumuna ng mali sa aking pag-aaral upang ito ay maitama at mapaganda pa lalo. Maraming salamat po!

Sa aking mga kaibigan, lalo na sina **Eden at Jamaica** na hindi ako iniwan noong mga panahong higit kong kinakailangan ng tulong, maraming maraming salamat! Salamat sa pag-aalalay sa akin tuwing kailangan ko ng tulong. Salamat sa mga magaganda at hindi masyadong magandang karanasan at alaala kasama kayo na habang buhay kong aalalahanin, babalik-balikan at tatanawing utang loob. Salamat mga beshies!

Sa taong hindi ako iniwan at ang tatay ng aking anghel, **Dion Carlo Ventura**, maraming salamat sa higit dalawang taon na ating pagsasama. Ikaw ang nagsilbing tagapagpasaya sa akin tuwing ako'y nalulungkot, tagapagbigay ng aming pangangailangan, at ang pagsasakripisyo mong lumayo sa pamilya upang magkaroon ng magandang trabaho at maibigay an gaming pangangailangan. Maraming salamat sa pagmamahal at pag-aalaga mo samin.

At ang taong naging pangunahing inspirasyon at motibasyon ko upang maisayos ang aking buhay, ang aking munting anghel, **Zoe Ysabella**. Dumating ka man sa panahong hindi naming inaasahan ngunit naging isa kang malaking biyaya mula sa Panginoon. Hindi mo lamang pinasaya ang aking buhay ngunit binigyan mo din ito ng kulay. Alam kong hindi mo pa ito maiintindihan sa ngayon ngunit nais kitang pasalamatan sa pagpuno sa aking puso ng nag-uumapaw na pagmamahal. Habang buhay kita ipagpapasalamat sa Panginoon dahil ipinagkaloob ka niya sa akin. Mahal na mahal kita, anak ko.

**Ayessa Bianca Mae C. Candelaria**

# TALAAN NG NILALAMAN


| | |
|---|---|
| **PAMAGAT** | i |
| **DAHON NG PAGPAPATIBAY** | ii |
| **ANG MAY AKDA** | iii |
| **PASASALAMAT** | v |
| **TALAAN NG MGA NILALAMAN** | vii |
| **ABSTRAK** | ix |
| **PANIMULA** | 1 |
| Batang Mag-Asawa | 1 |
| Teoretikal na Balangkas ng Pag-aaral | 7 |
| Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral | 9 |
| **METODO** | 10 |
| Disenyo ng Pag-aaral | 10 |
| Mga Kalahok | 10 |
| Panukat ng Pag-aaral | 10 |
| Pamamaraan sa Pagkuha ng Datos | 11 |
| Pag-Aanalisa ng Datos | 12 |
| **RESULTA** | 13 |
| Unang Kalahok | 13 |
| Ikalawang Kalahok | 18 |
| Ikatlong Kalahok | 23 |
| Ikaapat na Kalahok | 27 |
| **DISKUSYON** | 32 |
| **KONKLUSYON** | 36 |
| **REKOMENDASYON** | 38 |
| **REPLEKSYON** | 39 |
| **BATAYAN NG PAG-AARAL** | 40 |
| **APENDISES** | 42 |

# ABSTRAK

**Candelaria, Ayessa Bianca Mae C.,** Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya, Departamento ng Sikolohiya, Kolehiyo ng Sining at Agham, Central Luzon State University, Lungsod Agham ng Munoz, Nueva Ecija. **KWENTO NG MGA BATANG MAG-ASAWA.**

**Tagapayo: Nixon V. Agaser**

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na gumamit ng naratibong pag-aanalisa na may layunin upang lubos na maunawaan ang kalagayan at ang karanasan ng mga batang mag-asawa. Nais malaman ng pag-aaral na ito kung ano ano ang mga pinagdaanan at pinagdaraan ng mga kabataang maagang nag-asawa. Ang mga kalahok ay apat (4) na pares bilang kalahok na may edad labing lima (15) hanggang labing siyam (19) na nagsasama sa iisang bahay bilang mag-asawa. Gumamit ng pakikipagkwentuhan ang mananaliksik at ng naratibong pag-aanalisa sa mga nakalap na datos.

Lumalabas sa pag-aaral na ito na ang kwento ng mga batang mag-asawa ay makikitang kwento ng resposibilidad, pagsubok at pagbangon. Ang kakayahan sa pagtataguyod ng isang pamilya gayundin ang pag-aaruga sa asawa't anak sa murang edad ay ilan sa mga patunay na kwento ng responsibilidad ang kwento ng mga batang mag-asawa. Ang kanilang mga dahilan ng maagang pag-aasawa ay ang mga maagang pagbubuntis, pagre-rebelde at pagiging malaya. Mayroon din silang pinagdaanang mga suliranin katulad na lamang sa pinansyal at ang hirap sa pagbubuntis ng mga babaeng kalahok. Ang suporta nagmumula sa kanilang pamilya at mga kaibigan ay ang suportang pinasyal gayundin ang emosyonal. Lumalabas din sa pag-aaral na ito na ang kanilang pangunahin mithiin ay ang maibigay ang pangangailangan ng pamilya at ang ilan ay makapag-tapos ng pag-aaral.

Sa kabuuan ng pag-aaral na ito lumalabas na ang mga batang mag-asawa ay mayroong iba't ibang karanasan at gumamit ng iba't ibang pagdadala ang mga ito. Kahit nahihirapan ang mga batang mag-asawa sa kanilang responsibilidad na dinadala sa kanilang buhay, sila ay nananatiling matatag sa tulong ng isa't isa at ng kanilang pamilya. Sa kabilang banda, sila ay patuloy na nagsu-sumikap upang maging maayos ang kanilang buhay at patuloy na hinaharap ang mga pagsubok na kanilang pinagdaraanan upang matupad nila ang kanilang mithiin at ninanais sa buhay.

**Mga Batayan ng Pag-aaral**

Agustino, R., Coming, N., Versoza, R., & Pogoy, A. (2014). *Lived Experiences of Early Pregnancies among Teenagers: A Phenomenological Approach Study*. Cebu Normal University, Cebu city, Philippines.

Carlson, M.J. (2006). *Family Structure, Father Involvement, and Adolescent Behavioral Outcome*. Journal of Marriage and Family.

Collins, B. (2010). *Resilience in Teenage Mothers: A Follow-Up Study. Principal Analyst, Child, Family, and Community Policy*. Ministry of Social Development Wellington.

Cur, M. (2010). *Becoming a Mother: Teenage Mothers Experiences of First Pregnancy*. Nursing Department, University of Limpopo

Edeker, E. (2010). *Adolescent Mother's reported Global Happiness is it relates to Adolescent Father's involvement*. Iowa State University

Graham, H., Hamilton, V., at McDermott E. (2004). *Experiences of being a Teenage Mother in UK: A Report of Systematic Review of Qualitative Studies*. Institute for Health Research, Lancaster University

Jaskiewicz J.A., at McAnarney E.R., (1994). *Pregnancy During Adolescence.*

Klerman, L.V. (2003). *Adolescent Pregnancy and Parenting: Controversies of the Past and Lessons of the Future.*

Leerlooijer, J., Bos, A., at Kok, G.. (2013). *Qualitative Evaluation of the Teenage Mothers Project: A Community-based Empowerment Intervention for Unmarried Teenage Mothers.*

National Fatherhood Initiative. (2006). *The Father Factor: Data on the Consequences of Father's Absence.*

Natividad, J. (2013). *Young Adults Fertility and Sexuality Study.* Population Institute and the Demographic Research and Development Foundation, Inc., University of the Philippines.

Ng, A.S., at Kaye, K. (2012). *Why it Matters: Teen Childbearing, Single Parenthood, and Father Involvement.* Washington, DC: The National Campaign to Prevent Teen and Unplanned Pregnancy.

U.S, Census Bureau. (2011). *Table C8: Poverty Status, Food Stamp Receipt, and Public Assistance for Children under 18 Years by Selected Characteristics.*

Villanueva, V. (2012). *Emotional Stability among Adolescents Mother in Science City of Munoz, Nueva Ecija.* Batsiler ng Sining ng Sikolohiya, Departamento ng Sikolohiya.

World Health Organization. (2006). *Married Adolescents.*

eerlooijer, J., Bos, A., at Kok, G.. (2013). *Qualitative Evaluation of the Teenage Mothers Project: A Community-based Empowerment Intervention for Unmarried Teenage Mothers.*

ational Fatherhood Initiative. (2006). *The Father Factor: Data on the Consequences of Father's Absence.*

latividad, J. (2013). *Young Adults Fertility and Sexuality Study*. Population Institute and the Demographic Research and Development Foundation, Inc., University of the Philippines.

lg, A.S., at Kaye, K. (2012). *Why it Matters: Teen Childbearing, Single Parenthood, and Father Involvement*. Washington, DC: The National Campaign to Prevent Teen and Unplanned Pregnancy.

U.S, Census Bureau. (2011). *Table C8: Poverty Status, Food Stamp Receipt, and Public Assistance for Children under 18 Years by Selected Characteristics.*

/illanueva, V. (2012). *Emotional Stability among Adolescents Mother in Science City of Munoz, Nueva Ecija*. Batsiler ng Sining ng Sikolohiya, Departamento ng Sikolohiya.

Vorld Health Organization. (2006). *Married Adolescents.*